REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 5

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (₱2,000.00) BILANG TULONG SA GAGASTUSING PANANALAPI NG APAT (4) NA ATLETA NA TAGA-MUNTINLUPA NA NAPILI NA MAKAKASAMA NG GRUPO NA KAKATAWAN SA BUONG KALAKHANG MAYNILA SA LARONG "SOFTBALL" SA GAGAWING PALARONG PAMBANSA SA CAGAYAN DE ORO CITY.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, isa sa mga pangunahing programa ng pamahalaan ay mapaunlad ang palakasasan at magkaroon ng malusog at maayos na pangangatawan ang bawat mamamayan;

SAPAGKAT, bilang pagtugon sa programa ay tinutulungan ng Pamahalaang Bayan ang lahat ng mga kabataan na karapatdapat at may potensiyal na umasenso at umangat sa anomang palakasan na papasukin o susuungin nito;

SAPAGKAT, ang pagkakahirang sa apat na atleta na taga-Muntinlupa upang makasama ng kakatawan sa Kalakhang Maynila sa gagawing Palarong Pambansa sa Cagayan de Oro City ay magdudulot ng karangalan sa Bayan ng Muntinlupa at magbibigay ng magandang halimbawa at inspirasyon sa mga iba pang kabataan upang magsikhay sa bawat nilang gawain lalong-lalo na sa larangan ng palakasan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagkaisa na magbigay ng tulong sa pananalapi sa pangkat na taga-Muntinlupa na kasama sa kakatawan sa grupo ng "baseball" ng Kalakhang Maynila na lalahok sa Palarong Pambansa sa Cagayan de Oro City sa halagang Dalawang Libong Piso (₱2,000).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-anim (6th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-14 ng Marso, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Marso 14, 1988